JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban


SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalamposon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula



Zest for Progress
Zeal of Partnership

5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan –Modyul 3:
## Mayamang Kultura, Kabilang Ako



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Magandang araw kaibigan!

Mahalaga ba ang paggalang sa ibang tao?  Paano mo maipakikita ang paggalang sa mga dayuhan at sa kanilang kultura?  Taos puso mo ba silang tatanggapin?

Ang paggalang sa isang tao ay isang mabuting ugali na karaniwang taglay nating mga Pilipino. Kabilang na rito ang ating pagiging magalang na ipinakikita rin natin sa mga dayuhan sa ating bansa. Itinuturing natin sila na kahalintulad din natin sa maraming bagay tulad ng kilos, gawi, paniniwala, opinyon, at iba pa.

Ang kultura ng iba't ibang bansa ay nakatutulong sa pagpapayaman at paglinang ng ating buhay. Nagkakaroon tayo ng pagkakataon na makilala ang ibang tao, ang kanilang paniniwala, kakayahan, damdamin at pamumuhay.

Sa modyul na ito, iyong pag-aaralan ang tungkol sa **paggalang sa mga katutubo at dayuhan sa pamamagitan ng mabuting pagtanggap/pagtrato sa kanilang kaugalian, paniniwala at kulturang kinagisnan**.

Ang mga inihandang gawain sa modyul na ito ay naglalayon na patnubayan kayong makamit ang mga sumusunod na layunin:

**Kasanayang Pagkatuto:**

Nakapagpapakita ng paggalang sa mga dayuhan sa pamamagitan ng:

3.1. mabuting pagtanggap/pagtrato sa mga katutubo at mga dayuhan

3.2. paggalang sa natatanging kaugalian/paniniwala ng mga katutubo at dayuhang kakaiba sa kinagisnan

**Modyul 3**

# Mayamang Kultura, Kabilang Ako

Sa araling ito, iyong pag-aaralan ang tungkol sa paggalang sa katutubo at mga dayuhan sa pamamagitan ng mabuting pagtanggap/pagtrato sa kanilang kulturang kinagisnan.



## Balikan

Sa gawaing ito ating balikan ang iyong natutunan ukol sa sa pagmamalasakit sa kapuwa at mga bagong kaalaman na maari niyong matutunan tungkol sa paggalang sa katutubo at mga dayuhan sa pamamagitan ng mabuting pagtanggap/pagtrato sa kanilang kulturang kinagisnan.

**Panuto:** Tukuyin at hanapin ang limang (5) kasagutan ng payag na may kaugnayan sa pagmamalasakit sa kapuwa at paggalang sa mga katutubo at dayuhan. Bilugan ang iyong sagot.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | A | L | S | A | K | P | D | Y | W | P |
| S | D | H | E | U | K | P | R | I | U | A |
| K | D | I | P | D | K | A | Y | N | V | G |
| U | R | A | K | S | L | G | I | K | X | M |
| L | A | T | Y | B | U | G | O | U | C | A |
| D | P | U | D | U | E | A | A | L | Q | M |
| A | T | T | Y | N | H | L | E | T | Z | A |
| Y | N | U | O | M | I | A | U | U | D | L |
| U | A | I | W | O | Y | N | N | R | I | A |
| G | N | O | L | N | E | G | I | A | L | S |
| K | A | R | A | P | A | T | A | N | O | A |
| W | E | F | D | F | T | O | P | V | P | K |
| A | F | T | J | B | M | O | I | O | M | I |
| S | W | C | V | Y | K | I | R | L | O | T |

**Pahayag:**

1. Pag-aalala o pagtatanggol sa kapuwa.
2. Taong lumaki o naninirahan sa ibang pook o bansa.
3. Kalinangan o kaparaanan sa buhay ng pangkalahatan na nakasanayang gawi ng isang pangkat ng mga tao.
4. Anumang dapat tamasahin ng isang tao o samahan.
5. Pakilala o pagtanggap ng karapatan ng kapuwa.



# Tuklasin

Sa bahaging ito, ating tuklasin ang iba't ibang paraan ng paggalang sa mga katutubo at dayuhan sa pamamagitan ng mabuting pagtanggap/pagtrato sa kanilang kaugalian, paniniwala at kulturang kinagisnan.


**Gawain: Ating Alamin**

**Panuto:** Basahin at unawain ang mensahe ng tula. Punan ang *graphic organizer* ng mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga bata batay sa tulang binasa. Gawin ito sa sagutang papel.

**Iba-iba Man, May Pagkakatulad Din**

Zenaida R. Ylarde

Siya, ako, at sila
Kami ay magkakaiba,
Bansa nami'y iba-iba
Kaniya-kaniya ng kultura.
Iba-iba man an gaming pinanggalingan,
Tunay naman ang aming pagsasamahan
Iba-iba man ang aming katauhan
Lumikha sa amin ay iisa lamang
Ang Diyos na kinikilala
Dakila Siya, tayo'y Kaniyang nilikha.




**Sagutin:**

1. Tama bang pagtawanan ang mga taong may kakaibang itsura?
2. Paano mo maipakikita ang iyong paggalang sa mga katutubo at dayuhan?



# Suriin

Sa bahaging ito, ating alamin ang mga paraan ng paggalang sa mga katutubo at dayuhan.

**Tandaan**

**Mga paraan ng paggalang sa mga katutubo at dayuhan**

Ang **pagkamagalang** ay naipakikita sa pagtanggap sa pagkakaiba ng pagkatao, kaugalian, at paniniwala.

May iba't ibang paraan kung saan maipakikita natin ang paggalang sa mga dayuhan at sa kanilang kultura. Kabilang na rito ang taos-pusong pakikinig sa kanilang mga sinasabi, paggalang sa kanilang opinyon, at hindi panlilibak o pang-iinsulto sa kanila at sa kanilang paniniwala.

Ang paggalang ay naipakikita sa pagpaparaya sa ibang tao lalo na sa mabuting pakikitungo sa kanila bilang mga katutubo at dayuhan. Ang bawat isa sa atin ay dapat may kaalaman sa paggalang sa kapuwa, kaiba man ang kanilang anyo, gawi, paniniwala at kulturang kinagisnan. May ilang pagkakataon na maaaring mangyari ang mga ito sa atin. Ilan sa mga ito ay tinutukoy sa sumusunod na larawan:



Maging magiliw tayo sa mga taong sa kaiba sa atin ang pisikal na anyo



Maging magalang sa pakikinig opinyon ng iba.

**Sagutin:**

1. Ano-ano ang mga paraan ng pagpapakita ng paggalang sa mga katutubo at dayuhan?
2. Bakit kailangan natin magpakita ng paggalang sa mga katutubo at dayuhan?
3. Sa paanong paraan natin maipapakita ang taos-pusong pagtanggap natin sa mga katutubo at dayuhan?
4. Paano natin maipakikita ang mabuting pakikitungo sa kanila?
5. Bakit kailangan natin igalang ang kanilang opinyon at paniniwala?



# Pagyamanin

Sukatin ang lalim ng iyong kaalaman ukol sa paggalang sa mga katutubo at dayuhan sa pamamagitan ng mabuting pagtanggap/pagtrato sa kanilang kaugalian, paniniwala at kulturang kinagisnan.

**Patnubayang Gawain 1: Isasakatuparan Ko!**

**Panuto:** Nakatala sa bawat kahon sa ibaba ang ilang mga paraan kung paano natin maipapakita ang paggalang sa mga dayuhan. Punan naman ninyo ang mga katapat na kahon ng inyong naiisip na mga maaring gawin bilang mag-aaral upang ito ay maisakatuparan.

| | | |
|---|---|---|
| 1. Pagtanggap at maayos na pag-aasikaso sa mga bisitang dayuhan sa ating bayan | ➔ | ______________________________<br>______________________________ |
| 2. Pakikinig nang mabuti kapag may dayuhang nagpapahayag ng kaniyang saloobin sa paaralan | ➔ | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| 3. Pagpapahalaga sa mga paraan ng pamumuhay ng mga dayuhan | ➔ | ______________________________<br>______________________________ |
| 4. Pagtuturo sa dayuhan ng ilang kaugaliang nakagisnan | ➔ | ______________________________<br>______________________________ |
| 5. Pagpapakita ng interes sa mga pangkulturang gawain | ➔ | ______________________________<br>______________________________ |



# Isaisip

Sa bahaging ito, ikaw ay sasagot ng mga katanungan na layong matukoy ang lawak ng iyong natutunan sa paksang pinag-aralan.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Anong kaugalian ang dapat nating ipakita sa mga katutubo at dayuhan?
2. Paano mo maipakikita ang paggalang sa mga katutubo at dayuhan na may kapansanan?
3. Ano-ano ang mga paraan ng paggalang sa mga katutubo at dayuhan?
4. Bakit kailangan nating magpakita ng mabuting pagtanggap at pagtrato sa mga katutubo at dayuhan?
5. Bakit pinagbabawal ang panghuhusga at panlalait sa mga katutubo at dayuhan?



# Isagawa

**Panuto:** Sumulat ng isang talata na nagsasalaysay kung paano mo maipakikita ang paggalang sa ibang tao at sa kanilang kultura. Isulat ito sa malinis na papel.

**Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata**

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| 1. Nilalaman | Naipahayag sa talata ang kung paano mo maipakikita ang paggalang sa ibang tao at sa kanilang kultura. | Hindi masyadong naipahayag kung paano mo maipakikita ang paggalang sa ibang tao at sa kanilang kultura. | Malayo sa paksa ang naisulat na talata. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya. May Panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkakasulat may panimula at konklusyon | Hindi maayos ang pagkakasulat ng talata. Walang panimula, katawan at konklusyon. |



# Tayahin

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Paano mo maipapakita ang pagiging magalang sa bago mong kaklaseng dayuhan na may kapansanan?
   A. Huwag siyang isali sa mga aktibidad upang hindi makasagabal
   B. Pagtatawanan ang kaklase at iwasan
   C. Taos-puso siyang tatanggapin at kakaibiganin
   D. Iparamdam sa kanya na hindi mo siya gusto dahil sa kanyang kakulangan

2. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** nagpapakita ng paggalang sa mga katutubo at dayuhan?
   A. Pagtawanan ang kanilang mga kulay at anyo
   B. Pakikinig sa kanilang pagpapahayag ng saloobin
   C. Pagrerespeto sa kanilang mga opinyon
   D. Pagpapahalaga ng kanilang paraan ng pamumuhay

3. Anong kaugalian ang ipinapakita mo kapag ikaw ay nanunukso ng kamag-aral na may maitim na kulay ng balat?
   A. Paggalang sa kapuwa
   B. Pagmamalasakit sa kapuwa
   C. Panlalait at panghuhusga sa kapuwa
   D. Pagmamahal sa kapuwa

4. Alin sa mga sumusunod na kaugalian ang **HINDI** dapat ipamamahagi sa mga katutubo at dayuhan?
   A. Pagturo ng mabuting kaugalian
   B. Taos-pusong pagtanggap
   C. Paggalang sa kanilang paniniwala
   D. Pagtawanan ang kanilang kaibahan

5. Bakit mahalaga ang pagpapakita ng paggalang sa mga katutubo at dayuhan?
   A. Dahil ito ay nagpapakita ng pagpaparaya sa ibang tao
   B. Dahil ito ay nagpapakita ng kawalan ng respeto
   C. Upang makahingi ng kapalit
   D. Upang mapadali silang lokohin



# Susi sa Pagwawasto

Subukin
1. C
2. A
3. C
4. D
5. A

**Balikan**

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | A | L | S | A | K | P | D | Y | W | P |
| S | D | H | E | U | K | P | R | I | U | A |
| K | D | I | P | D | K | A | Y | N | V | G |
| U | R | A | K | S | L | G | I | K | X | M |
| L | A | T | Y | B | U | G | O | U | C | A |
| D | P | U | D | U | E | A | A | L | Q | M |
| A | T | T | Y | N | H | L | E | T | Z | A |
| Y | N | U | O | M | I | A | U | U | D | L |
| U | A | I | W | O | Y | N | N | R | I | A |
| G | N | O | L | N | E | G | I | A | L | S |
| K | A | R | A | P | A | T | A | N | O | A |
| W | E | F | D | F | T | O | P | V | P | K |
| A | F | T | J | B | M | O | I | O | M | I |
| S | W | C | V | Y | K | I | R | L | O | T |

**Tuklasin**

**Iba-iba Man, May Pagkakatulad Din**

- **Pagkakatulad**
  - **Diyos**
- **Pagkakaiba**
  - **Katauhan**
  - **Kultura**
  - **Bansa**

**Suriin**

1. Taos-pusong pakikinig sa kanilang mga sinasabi, paggalang sa kanilang opinyon, at hindi panlilibak o pang-iinsulto sa kanila at sa kanilang paniniwala.
2. Posibleng Sagot
   - Dahil ang paggalang ay paraan ng pagpapakita sa ibang tao.
   - Dahil nararapat lamang na magpakita tayo ng mabuting pakikitungo sa kanila.
3. Posibleng Sagot
   - Sa pamamagitan ng pagtanggap sa kanila ng walang hinihintay na kapalit.
   - Kusa ang pangtanggap at bukal sa ating kalooban.
4. Posibleng Sagot
   - Maipakikita natin ito sa pagrespeto sa kanilang katauhan at paniniwala.
   - Maipakikita natin ito sa paggalang sa kanilang kultura.
5. Posibleng Sagot

**Patnubayang Gawain 1: Isasakatuparan Ko!**

1. Posibleng Sagot
   - Taos puso silang tanggapin at kakaibiganin.
   - Maging palakaibigan at huwag silang iiwasan.
2. Posibleng Sagot
   - Ipapakita ko sa kanila na handa akong making at tanggapin ang kanilang mga saloobin.
   - Hindi ko huhusgahan kung ano man ang kanilang ipapahayag na saloobin.
3. Posibleng Sagot
   - Rerespetuhin ko ang kanilang mga paniniwala at ang paraan nila ng pamumuhay.
   - Magiging malugod ako sa pagtanggap sa mga paraan ng kanilang pamumuhay.
4. Posibleng Sagot
   - Ituturo ko ang wastong paggamit ng Po at Opo.
   - Ituturo ko ang pagrespeto sa mga matatanda sa pamamagitan ng pagmamano.
5. Posibleng Sagot
   - Handa akong tulungan sila sa mga gawaing pangkultura ng bukal sa aking puso.
   - Sasamahan ko sila sa mga pangkulturang gawain na gagawin nila.

**Isaisip**

1. Posibleng Sagot
   - Pagiging magalang
   - Pagiging mapagmalasakit
   - Pagmamahal sa kapuwa
2. Posibleng Sagot
   - Taos-puso siyang kakaibiganin at huwag pagtawanan.
   - Maging mapagmalasakit at huwag siya lalaitin.
   - Huwag gawing katatawanan ang kaniyang kapansanan at sa halip ay irespeto siya.
3. Taos-pusong pakikinig sa kanilang mga sinasabi, paggalang sa kanilang opinyon, at hindi panlilibak o pang-iinsulto sa kanila at sa kanilang paniniwala
4. Posibleng Sagot
   - Dahil kahit magkaiba man tayo ng anyo o paniniwala lahat tayo ay may karapatan na tratuhin ng mabuti.
   - Dahil ang mabuting pagtanggap at pagtrato ay sumisimbolo ng paggalang.
   - Dapat natin silang igalang lalong lalo na ang kanilang kultura at paniniwala.
5. Posibleng Sagot
   - Dahil ito ay hindi pagpapakita ng paggalang sa kanilang karapatan bilang isang tao.
   - Dahil ito ay labag sa kanilang karapatan na dapat silang tratuhin ng pantay at tama.

**Isagawa**

Maaaring magkaiba ang nilalaman ng mga talata. Gamitin ang rubrics sa pagmamarka.

**Tayahin**

1. C
2. A
3. C
4. D
5. A

## *Sanggunian*

Aklat

- Kagawaran ng Edukasyon,Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 5 (Manwal ng Guro) p. 28-29

- Kagawaran ng Edukasyon Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 5 (Batayang Aklat) p. 92-97

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

| | |
|---|---|
| Manunulat: | **Laarnie D. Montaño**<br>Teacher-I<br>Malamawi Central Elementary School<br>Isabela City Schools Division |
| Editor: | Evelina S. Tajan |
| Tagasuri: | Murada M. Danial, EdD |
| Tagaguhit: | Alice Joy A.Gallardo |
| Tagalapat: | Arrayyan H. Abdulhalim |
| Tagapamahala: | Julieto H. Fernandez, EdD, CESO VI, OIC-SDS<br>Ma. Laarni T. Villanueva, EdD, CESE VI, OIC-ASDS<br>Eduardo G. Gulang, SGOD Chief<br>Henry R. Tura, CID Chief<br>Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor<br>Violeta M. Sta.Elena, EPS-EsP, ADM Module Coordinator |

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.